“BAGO MATUYO ANG TINTA”

Ang Pilipinas, Isang Dekada Mula Ngayon

I. PANIMULA: Ang Tanong na Muling Dapat Itanong

“Following our usual custom of facing squarely the most difficult and delicate questions relating to the Philippines, without weighing the consequences that our frankness may bring upon us, we shall in the present article treat of their future.”— Jose Rizal, The Philippines A Century Hence (1889)

Nang isulat ni Jose Rizal ang kaniyang sanaysay noong 1889, tinanong niya kung ano ang magiging estado ng Pilipinas makalipas ng isang siglo. Hindi siya propeta. Hindi siya manghuhula. Subalit bilang isang maingat na obserber ng kasaysayan at ng kilos ng mga bansa, ginamit niya ang pag-aaral ng nakaraan upang hulaan ang hinaharap.

Pagdating ng taong 1989, eksaktong isang siglo pagkatapos, nasagot na ang kaniyang tanong. Nakamit na ng Pilipinas ang kalayaan: una noong 1896 laban sa mga Espanyol, at muling ipinaglaban noong 1986 sa EDSA laban sa isang diktador.

Ngunit, apatnapung taon na ang makalipas sa kaniyang hinulaang siglo, tila kailangang itanong muli ang kaniyang tanong. Hindi na ito tungkol sa kalayaan mula sa mga dayuhan o sinumang makapangyarihan, kundi tungkol sa kalayaan mula sa ating sariling pagkakalimot, kasinungalingan, at pagkakawatak-watak. Kaya sa sanaysay na ito, gagayahin ng manunulat na ito ang metodo ni Rizal at aaralin ang kasaysayan ng 1896 at 1986 bilang lente upang hulaan ang 2036. Ayon sa kaniya, may tatlong posibleng kinabukasan para sa Pilipinas, kaya ngayon, maglalahad din dito ng tatlong *scenario* para sa hinaharap, kung saan depende sa mga desisyon na gagawin natin ngayong kasalukuyan.

II. ANG METODO NI RIZAL: Paano Siya Nag-Analisa ng Hinaharap

Bago tumingin sa taong 2036, kailangan muna maintindihan kung paano nag-isip si Rizal tungkol sa hinaharap. Hindi siya gumamit ng kristal na bola o mahiwagang kapangyarihan. Sa halip, gumamit siya ng tatlong prinsipyo ng historikal na pag-aaral

Una, ang kasaysayan ay may *pattern* (ngunit hindi umuulit nang eksaktong pareho). Inilahad ni rizal na lahat ng imperyo—mula sa Roma hanggang sa Espanya—ay bumabagsak kapag nagiging abusado ang mga lider at hindi

nakikinig sa hinaing ng mga inaapi. Walang permanenteng pang-aapi sa kasaysayan, sapagkat narating ang araw na ang inalipin ay makikipaglaban. Kaya't hinula niya na kung hindi magbabago ang Espanya, magrerebolusyon ang Pilipinas. At nangyari nga ito noong 1896.

Para sa kasulukuyang taon ng 2026, ang kasaysayang ito ay nag-aalok ng babala. Kung ang isang gobyerno ay patuloy na mag-abuso sa kapangyarihan, lalo na sa pamamagitan ng pagkontrol ng nga impormasyon, darating ang araw na ang taumbayan ay magrerebelde—hindi sa pamamagitan ng baril, kundi sa pamamagitan ng boto, protesta, at pagkilos.

Ikalawa, ang kalayaan ay hindi ipinagkakaloob, ito ay kinukuha. Sinabi ni Rizal na *"No one can require an impossibility of the Filipino people. The noble Spanish people, so jealous of its rights and liberties, cannot bid the Filipinos renounce theirs."* Ibig sabihin, walang bansang mananatiling alipin magpakailanman kung alam nito na may karapatan itong maging malaya. Ang tanong lang ay kung kailan at paano nila kukunin ang kalayaang iyon.

Ikatlo, ang kinabukasan ay nakadepende sa mga desisyon ng kasalukuyan. Ito ang pinakamahalagang bahagi ng metodo ni Rizal. Hindi siya nagsabi na "tiyak na mangyayari ito." Sa halip, sinabi niya, "Ito ay mangyayari KUNG…" Kung patuloy ang ang pang-aabuso ng Espansya ay magkakaroon ng rebolusyon, kung magbabago ang Espanya ay magkakaroon ng reporma at kapayapaan, at kung walang gagawin ang mga Pilipino ay patuloy la rin ang pagkaalipin. Ang hinaharap, ayon kay Rizal, ay hindi predeterminado. Ito ay resulta ng mga aksyon, o kawalan ng aksyon, ng kasalukuyan.

Ang pangyayari sa 2036 ay hindi pa nakatakda. Ang magiging anyo nito ay nakadepende pa rin sa kung paano kikilos ang nga Pilipino ngayon—bilang mga estudyante, bilang mga mamamayan, at bilang mga botante.

III. ANG DALAWANG REBOLUSYON: 1896 at 1986

Upang maunawan ang posibleng Pilipinas sa 2036, kinakailangang pag-aralan muna ang dalawang pinakamahalagang yugto ng kasaysayan ng Pilipinas: taong 1896 at 1986

Ang Rebolusyong Pilipino noong 1896 ay hindi nagsimula sa digmaan. Nagsimula ito sa mga ideya. Noong isinulat ni Rizal ang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*, ipinakita niya ang sistematikong katiwalian ng kolonyal na pamahalaan. Binigyan niya ng mas malinaw na pangalan ang mga problemang hinaharap. Tulad ng mga prayle na nang-aabuso, ang mga opisyal na corrupt, ang mga Pilipinong walang kamalayan sa kanilang sariling pagkaalipin.

Nilalayon ni Rizal sa pamamagitan ng mga nobelang ito gisingin ang diwa ng bayan, sapagkat alam niya na hindi sapat ang dahas. Kailangan munang maging mulat ang isipan ng mga tao bago sila makipaglaban.

"Scarcely had they been attached to the Spanish crown than they had to sustain with their blood and the efforts of their sons the wars and ambitions of conquest… they forgot their writings, their songs, their poetry, their laws, in order to learn by heart other doctrines, which they did not understand."

Ang kakulangan ng kaalaman at ang pagkalimot sa sariling kultura at kasaysayan ang nagiging sanhi ng mahaba at mapait na pananakop. Ang pagkakamali ng mga Pilipino sa kapanahunang ito ay sumunod sila sa mga utos nang bulag. Ang rason sa tagumpay nila sa huli ay dahil nagising at namulat sila sa kamangmangan.

Makalipas naman ang halos isang siglo, muling naharap ang Pilipinas sa isang uri ng pagkaalipin—ang diktadurya ni dating Pangulong Ferdinand Marcos Sr gamit ang batas militar. Noong panahon na ito, kinontrol ng gobyerno ang midya, pinigil ang malayang pamamagayag, at inapi ang mga lumalalaban para sa kalayaan ng bansa. Dahil sa libu-libong kaharasan at pandaraya sa panahong ito[1], nabuo ang isang nagkakaisang puwersa na hindi na kayang supilin ng anumang banta. Noong Pebrero 1986, ang *People Power Revolution* ay nagpakita ng bagong uri ng paglaban. Walang armas at tanging pagkakaisa ng taumbayan na nakakaalam ng katotohanan. Ang Radyo Veritas na ginamit ni Cardinal Sin ay naging tulay ng impormasyon. Ang mga madre, pari, at ordinaryong mamamayan ay tumayo sa harap ng mga tanke. At sa loob lamang ng tatlong araw, bumagsak ang rehimen.

"When the ethical abasement of the inhabitants had reached this stage… an effort was made to add the final stroke for reducing so many dormant wills and intellects to nothingness… Then this which they had thought would be death was sure salvation." Gaya ng sabi ni Rizal, kapag nagsama-sama ang mga taong nakakaalam ng katotohanan, walang kapangyarihang makakapigil sa kanila.

IV. ANG TATLONG POSIBLENG 2036

Tulad ni Rizal, maglalahad ang manunulat na ito ng tatlong posibleng *scenario* o kinabukasan matapos ang isang dekada. Ang mga ito ay hindi hula lamang; bagkus, gamit ang mga kaisipan ni Rizal, ang mga ito ay mga pagsusuring nakadepende sa ating mga desisyon at pagkilos sa kasalukuyan.

---

[1] *snap elections* at mahigit 100,000 na biktima ng paglabag sa *human rights*

Unang sitwasyon*,* ang pagbabalik ng Pilipinas sa diktadurya. Ito ay bunga ng kawalan ng aksyon ng Pilipinas laban sa *disinformation*.

Isipin ang Pilipinas sa taong 2036. Sa senaryong ito, ang mga silid-aralan ay hindi na templo ng katotohanan kundi lunduyan ng pagbaluktot sa kasaysayan. Ang mga batayang aklat ay muling isinulat: ang madilim na yugto ng Batas Militar ay ipinagmamalaki na bilang isang "*Golden Age,*" habang ang makasaysayang Rebolusyon sa EDSA ay minamaliit bilang isang hamak na *destabilization plot* o kaganapan upang ipawalang bisa ang kapangyarihan ng mga Marcos sa dekada '80. Sa posibleng mundong ito, ang mga biktima ng diktadurya ay hindi na kinikilala bilang mga bayani. Sa halip, sila na ay binabansagang "bayaran", "dilawan", "pinklawan" at iba pa—mga tinig na pilit na ibinabaon sa limot.

Paano masasabing humantong ang bansa sa ganito? Maaaring sa susunod na 2028 na halalan, manalo muli ang mga anak ng mga diktador o mga korap. Hindi masabi kung dahil ito sa *vote-buying* o kahit anumang sapilitang pag-boto, sapagkat may tiyansang hindi na maalaam ang mga botante sa tunay na kasaysayan. Lalo na sa panahon na iyon, kung saan karamihan sa mga botante ay nakakakuha ng kanilang mga kaalaman mula sa mga social media kung saan mas laganap pa ang *fake news* kaysa sa katotohanan.

Pagdating ng 2036, mararamdaman ng mga Pilipino ang lason ng kanilang pagiging pabaya. Una, Ang *press freedom* ay tuluyang maglalaho. Tahimik at wala ng imik ang mga kritiko dahil sa kadaliang makakuha ng mga kasong *libel*. Pangalawa, ang anay ng korapsyon ay bumalik nang mas matindi at mas sopistikado, habang ang anino ng transparency ay tuluyan nang nawala sa pamahalaan. Pangatlo, Ing mga kabataan ay lumalaki nang walang malinaw na pag-unawa sa tunay na kahulugan ng kalayaan, dahil ang kanilang kaisipan ay hinubog ng mga algoritmong walang konsensya. Ang trahedyang ito ay humahalintulad sa sinabi ni Rizal:

"Peoples and governments are correlated and complementary: a fatuous government would be an anomaly among righteous people, just as a corrupt people cannot exist under just laws and wise rulers."

Sa madaling salita, ang mukha ng ating gobyerno ay repleksyon ng ating sariling karakter bilang isang bansa. Kung ang pamahalaan ay tiwali, ito ay dahil hinayaan natin silang manungkulan. Hindi tayo pinuwersa, tayo ay bumoto nang bulag. Ang pagkabulag na ito sa kasaysayan ang siyang magiging tanikala na muling gagapos sa atin sa isang bagong uri ng pagkaalipin.

Ikalawang sitwasyon, ang Pilipinas ay mananatiling mulat. Ito'y bubunga kung sistematiko at disiplinadong kililos ang mga Pilipino ngayon laban sa mga isyung hinaharap.

"If the Philippines secure their independence after heroic and stubborn conflicts, they can rest assured… they will perhaps strive to enter freely upon the wide road of progress."

Sa sitwasyong ito, uusbong ang *media literacy* sa silid-aralan at bibigyang-halaga ang pagiging literato ng mga mag-aaral. Ang teknolohiya ay magsisilbing katuwang sa pamamagitan ng *automated fact-checking*, habang ang mga arkibo tungkol sa batas militar ay magiging *digitized* at libreng magagamit ng lahat upang hindi na maulit ang mga pagkakamali ng nakaraan. Magiging ugat ng kultura ng Pilipino ang *transparency*, kung saan ang mga kandidato ay isasailalim sa *historical audit* upang matiyak na wala silang rekord ng pagpapakalat ng *disinformation*

Dahil dito, ang kabataan sa sitwasyong ito ay mayroong abilidad makapagisip ng kritikal. Hindi na madaling maniniwala ang sambayanan sa mga nakikitang impormasyon sa *social media*. Ang rebolusyon sa panahong ito ay ang pakikibaka ng mga Pilipino laban sa pagkalimot at panlilinlang. Ang 2036 dito ay magiging saksi sa isang lipunang ang sandata ay katotohanan, at ang kalasag ay ang malalim na pag-unawa sa ating kasaysayan. Sa huli, ang pagiging mulat ay hindi na lamang isang katangian, ito na ay isang tungkulin na tinitiyak na ang kalayaang ipinaglaban noon ay mananatiling buhay at hindi na muling mananakaw pa.

Ikatlo at panghuling sitwasyon, ang Pilipinas na nahati sa dalawa. Ito ay isang babala para sa taong 2036. Minsang itinanong ni Rizal, "*Why independence, if the slaves of today will be the tyrants of tomorrow?* Sa taong 2036, ang katanungang ito ay muling magpapakita sa isang bansa na tila nagtagumpay sa pag-unlad ngunit nabigo sa pagkakaisa. Ito ang pinakamalalang sitwasyon na maaaring mangyari kung hindi natin mababago ang kasalukuyang daloy ng kasaysayan kung saan lilitaw isang Pilipinas na malalim ang pagkakahati.

Sa halip na isang bansang na may iisang mithiin, ang Pilipinas ay mahahati sa pagitan ng mga rehiyong 'mulat' at mga rehiyong 'walang alam'. Ang mga malalaking sentro ng komersyo at edukasyon gaya ng *National Capital Region (NCR*) ay maaaring maging kuta ng katotohanan, ngunit ang mga rural na lugar at probinsa ay mananatiling bilanggo ng matinding *disinformation* na pinapatakbo ng mga lokal na dinastiya. Ang dibisyong ito ay hindi lamang heograpikal kundi generational na rin. Ang mga Pilipino ay maaaring ay magsasagupaan sa *social media* at sa mga lansangan, nag-aaway kung ano nga ba ang '*tunay*' na kasaysayan habang ang mga dokumentadong katotohanan ay pilit na nilulunod ng mga makabagong propaganda.

Ang ganitong kalagayan ay lubhang delikado. Ang isang bansang nahahati sa loob ay parang isang bahay na may marupok na pundasyon. Dahil dito, madaling kontrolin ito at manipulahin ng mga *external forces*, maging ito ay mga dayuhang gobyernong may pansariling interes o mga lokal na *oligarch* na nais panatilihin ang kanilang kapangyarihan. Sa huli, ang paghahating ito ay hindi lamang usapin ng magkaibang opinyon, kundi isang banta sa ating soberanya at tunay na kalayaan.

V. ANG SOLUSYON NI RIZAL, ANG SOLUSYON NATIN

Matapos ilahad ang mga sitwasyong maaaring mangyari sa bansa, mahalagang balikan ang mga payo ni Rizal. At upang matiyak ang landas ng bansang Pilipinas sa taong 2036, kinakailangan ng tatlong solusyon.

“The most active and effective factor in the decline of states is ignorance.”

Unang solusyon ay ang edukasyon. Binigyang-diin ni Rizal na ang kamangmangan ang pinakamabisang salik ng paghina ng isang estado. Ngunit sa taong 2026, ang hamon ay hindi lamang ang kawalan ng kaalaman, kundi ang pagkalunod sa maling impormasyon. Ang solusyon dito ay ang pag-aaral ng kasaysayan nang may malalim na pag-unawa kasya sa simpleng pagsasaulo lamang. Bilang mga mamamayan, tungkulin ng lahat maging disiplinado kung saan pinapahalagahan ang pag-*fact-check* bago magbahagi ng impormasyon at maging katuwang sa pagtuturo sa mga minamahal.

Ikalawa naman ang pagkakaisa, pero hindi ang tinatawag na *blind loyalty.* Para kay Rizal, ang pagkakaisa ay hindi ang pag-sang-ayon ng lahat nang walang tanong, kundi ang sama-samang paghahanap sa katotohanan. Kinakailangang matutunan ng mga Pilipino, makipagdebate nang may respeto at tanggapin ang ebidensya kahit ito ay salungat sa ating personal na paniniwala. Ang pag-iwas sa *echo chambers* at pagbukas sa iba’t ibang perspektibo ang magliligtas sa atin mula sa pagiging isang bansang nahati.

Panghuli ay ang pagiging aktibong mamamayan kung saan ang pag-asa ay sinasamahan natin ng kilos. Kailangan nating bumoto nang tama, bantayan ang ating mga lider, at huwag matakot magsalita para sa katotohanan. Ang taong 2036 ay malayo pa, ngunit ang pundasyon nito ay itinatayo na ng Pilipinas ngayon pa lamang.

“The Philippines will remain Spanish, if they enter openly and decently upon the wide road of reform.”

VI. KONKLUSYON: Ang Huling Tanong

Noong 1889, nagsulat si Rizal kahit alam niyang mapapanganib ang buhay niya. Nagsulat siya dahil mas importante sa kaniya ang kinabukasan ng Pilipinas kaysa sa sarili niyang kaligtasan. Pinatay siya noong 1896, pero

ang kaniyang mga salita ay patuloy na nabubuhay. At dahil sa kaniyang mga salita na nagliyab sa damdamin ng mga Pilipino, nanalo ang rebolusyon.

Ngayong 2026, hindi na papatayin ang mga tao dahil sa pagsusulat ng katotohanan. Ngunit kinakailangan pa rin ang pagsusulat at ang pagkikilos.

Tatapusin ng manunulat na ito ang sanaysay gamit ang paraan ni Rizal na paggamit ng isang tanong babagabag sa isipan ng mga mambabasa. “Ano ang magiging Pilipinas sampung taon mula ngayon?”

Ang sagot sa katanungang ito ay kadaliang nasa kamay lamang ng sambayang Pilipino. Tulad sa sanaysay ni Rizal, hindi rin makakapag-alok ng garantiya sa kinabukasan ang manunulat na ito. Ngunit malinaw na ang bukas ng bansa ay hindi isang swerte na dumarating na lamang, kundi bunga ng ating mga desisyon sa kasalukuyan. Ang kasaysayan ng Pilipinas ay patuloy na isinusulat, at ang bawat Pilipino ang may hawak ng panulat na magtatakda kung tayo ay mananatiling malaya o muling magiging alipin ng sariling kamangmangan.

Sinabi ni Rizal sa kaniyang huling liham, *“I do not write for this generation. I am writing for other ages. If this could read me, they would burn my books, the work of my whole life. On the other hand, the generation which interprets these writings will be an educated generation; they will understand me and say: ‘Not all were asleep in the night-time of our grandparents’.”*

Ngayong 2026, sumusulat ang manunulat na ito para sa taong 2036. Para sa susunod na henerasyon. At para hindi nila masabing natulog ang lahat sa gabi ng ating panahon.